# ALAY-DANGAL NEWSLETTER
**AKKAPKA Foundation Inc.**
Sep 2007, Manila, Philippines

*Kilusang Alay Dangal* -- Movement for Active Nonviolence
Philippine Group of International Fellowship of Reconciliation (IFOR)


# ACTIVE NONVIOLENCE:
## The Way of Martin Luther King

### *Six Principles of Nonviolence*



1. **Nonviolence is a way of life for courageous people.**
   - It is active nonviolent resistance to evil.
   - It is aggressive spiritually, mentally and emotionally.
   - It is always persuading the opponent of the righteousness of the cause.

2. **Nonviolence seeks to win friendship and understanding.**
   - The end result of nonviolence is redemption and reconciliation.
   - The purpose of nonviolence is the creation of beloved community.

3. **Nonviolence seeks to defeat injustice, not people.**
   - Nonviolence recognizes that evildoers are also victims and are not evil people.
   - The nonviolent resister seeks to defeat evil, not people.

4. **Nonviolence holds that suffering can educate and transform.**
   - Nonviolence accepts suffering without retaliation.
   - Nonviolence accepts violence if necessary, but will never inflict it.
   - Nonviolence willingly accepts the consequences of its acts.
   - Unearned suffering is redemptive and has tremendous educational and transforming possibilities.
   - Suffering has the power to convert the enemy when reasons fails.

5. **Nonviolence chooses love instead of hate.**
   - Nonviolence resists violence of the spirit as well as the body.
   - Nonviolent love is spontaneous, unmotivated, unselfish and creative.
   - Nonviolent love gives willingly, knowing that the return might be hostility.
   - Nonviolent love is active, not passive.
   - Nonviolent love is unending in its ability to forgive in order to restore community.
   - Nonviolent love does not sink to the level of the hater.
   - Love of the enemy is how we demonstrate love for ourselves.
   - Love restores community and resists injustice.
   - Nonviolence recognizes the fact that all life is interrelated.

6. **Nonviolence believes that the universe is on the side of justice.**
   - The nonviolent resister has deep faith that justice will eventually win.
   - Nonviolence believes that God is a God of justice.

From: "Pilgrimage to Nonviolence" in Dr. King's Stride Towards Freedom, 1958

## *Six Steps for Nonviolent Social Change*

The Six Steps for Nonviolent Social Change are based on Dr. King's nonviolent campaigns and teachings which emphasize love in action. Dr. King's philosophy of nonviolence, as reviewed in the Six Principles of Nonviolence, guide these steps for social and interpersonal change.

### 1. Information Gathering

To understand and articulate an issue, problem or injustice facing a person, community or institution. You must do research. You must investigate and gather all vital information from all sides of the argument or issue so as to increase your understanding of the problem. You must become an expert on your opponent's position. Some of the many sources from which you can gather information are: past and present newspaper and magazine articles, radio and television (including the archives of radio and television stations). Many organizations often have expertise in some aspect of the issue; these organizations should be asked to help. The public library, personal discussions and interviews, the more than 4,000 electronic data bases can also be used.

### 2. Education

It is essential to inform others, including your opposition, about your issue.This minimizes misunderstandings and gains you support and sympathy. You can write articles for newspapers and magazines. You can appear on radio and televion talk programs. You can hold seminars, workshops and build coalitions on the issue. You can conduct mass rallies, You can write to pastors, priests and rabbis to include in their sermons.

### 3. Personal Commitment

Daily check and affirm your faith in the philosophy and methods of nonviolence. Eliminate hidden motives and prepare yourself to accept suffering, if necessary, in your work for justice.

### 4. Negotiations

Using grace, humor and intelligence, confront the other party with a list of injustices and a plan for addressing and resolving these injustices. Look for what is positive in every action and statement the opposition makes. Do not seek to humiliate the opponent but call forth the good in the opponent. Look for ways in which the opponent can win.

### 5. Direct Action

These are actions taken to morally force the opponent to work with you in resolving the injustices. Direct action imposes a "creative tension" into the conflict. There are over 250 different direct action tactics, including boycotts, marches, rallies, rent strikes, work slowdowns, letter-writing and petition campaigns, bank-ins, property occupancy, financial withdrawal, and political denial through the ballot. Direct action is most effective when it illustrates the injustice it seeks to correct.

### 6. Reconciliation

Nonviolence seeks friendship and understanding with the opponent. Nonviolence is directed against evil systems, forces, oppressive policies, evil and unjust acts, not against persons. Reconciliation includes the opponent being able to "save face". Through reasoned compromise, both sides resolve the injustice with plan of action. Each act of reconciliation is one step closer to the "Beloved Community." Not only are individuals empowered, but so is the entire community. With this come new struggles for justice and a new beginning.

From "Letter from Birmingham Jail" in 'Why We Can't Wait', 1963

## *A Way of Life … A Strategy for Change*

The primary goal of the Martin Luther King, Jr. Center for Nonviolent Social Change in Atlanta (Georgie) is to preserve and advance Dr. King's unfinished mission by applying his precepts of nonviolence in all areas of human activity. The basis for the work is found in the six principles and six steps of nonviolence.

*"For me non-violence is not a mere philosophical principle. It is the rule and the breath of my life. I know I fail often, sometimes consciously more often unconsciously. It is not a matter not of the intellect but of the heart".*

"Mahatma Gandhi His Life and Ideas", by Rev. Charles F. Andrews (a close friend of Gandhi) Chapter7, page 95

**MGA KAGANAPAN SA AKKAPKA:**
*2ND Good Citizenship Congress*
*ANV –Ifugao*
*Peacekeeping- Street Youth*
*Trainors' Deepening*
*Pilgrimage For Peace*
*Lenten Retreat (CICM&Fasters)*
*Bukal Wholistic Training I*

## 2ND GOOD CITIZENSHIP CONGRESS

### Nat'l College of Public Administration & Governance, UP Diliman, Quezon City, 17-18 August 2007

Isang napakagandang pagkakataon na makadalo ang AKKAPKA sa kongreso ng *Good Citizenship* mula sa paanyaya ni *Tess Baltazar* ng kabilang sa pamunuan ng *Good Citizenship Movement.*

Ang □agging□ ay nagpapalaganap sa pagkilala ng kahalagahan ng *basic good citizenship values* na nakaugat mula sa *Preamble of the Philippine Constitution* at humihiling na isabuhay ng bawat Pilipino bilang pagtugon sa pagtataguyod ng pagbabago at kaunlaran □agging□ bansa.

Sa pamamagitan ng *social artistry* na □agging tema ng kongreso ay inanyayahan ang lahat na gamitin ang likas na talento ng mamayan maging ito ay sa tiyatro, sayaw, *story telling* at *crafts* upang malinang at maging kaakbay sa pagpapahayag ng mga naising pagbabago at pagpapahayag ng *basic good citizenship values* ng bawat mamamayan.

Bilang hamon sa mga dumalo, *"Be a solution and not a problem,* sikaping ang taglay na talento ay magamit at maipahayag para sa *nation building,"* mga binitiwang pananalita ni *Tess Baltazar* sa kanyang *inspirational talk.*

Kabilang sa mga dumalo ay sina *Rene Molina, Bro. Pat Tome of LBJ, Norma Carlos, Aida Martija* at *Beng Dionela*

## ANV SEMINAR

### Halfway Lodge, Banawe, Ifugao, 8-10 August 2007

Sa hindi inaasahang pagkakataon ay nakatanggap ng mensahe sa *text* ang AKKAPKA, isang paanyaya na maibahagi ang alay-dangal seminar sa mga lider-kumunidad ng ibat-ibang bayan ng *Ifugao,* mga *barangay* at *municipal officials, DSWD heads* ng mga bayan ng *Ifugao.*

Ito ay mula sa masigasig na pagsusumikap ng *Provincial Head* na si *Ms. Joyce Niwane* na nakadalo ng *ANV* noong 2006 na ini-*organize* ng *ICCN.*

Ang lugar na pinagdausan ay nasa harapan ng *Banawe Rice Terraces*, kayat tanaw na tanaw ang lupang nilinang ng ating mga bayaning ninunong *Ifugao.*

Humigit kumulang 30 katao ang mga dumalo sa sama-aralan.

Ito ay magkatulong na pinadaloy nina *Beng Dionela* at *Fr. Raymond C. Bodson, CICM* at kasama din ang isang kagawad ng *Talim Island, Binangonan* na si *Obet De Leon* na nagkaroon din ng gampanin habang dumadalo ng seminar bilang tagapaghanda ng mga pangngangailangan sa mga rituwal at mga *exercises.*

Napakagandang karanasan sa tagapagpadaloy at mga dumalo.




Isang ugnayan ng pagbabahaginan at pakikinig sa lahat. Pagpapalalim ng kamalayan ng mga dumalo sa pagiging parehong sanhi at biktima ng karahasan.

Ang mga panahon ng pagninilay sa sarili at pagpapalalim sa mga rituwal na inihanda sa bawat pagtatapos ng sesyon ay nagpapatunay ang kahalagahan na makabalik sa sa sarili bilang "sino ako"? At ano ang aking idinadagdag sa nagaganap na karahasan sa pagkakaugnay –ugnay ng sangnilikha.

Sa kanilang ebalwasyon ay nagpahayag ang lahat ng pag-aasam ng kapayapaan sa sarili, sa pamilya, kumunidad at bayan.

Nakita din ang kahalagahan ng pamamaraang pagsusuri at maka-alay-dangal na pagharap sa karahasan.

Umaasa sila na magkaroon muli ng mga susunod na *trainings* at patuloy na maipalaganap ang alay-dangal sa ibat-ibang lugar ng *Mountain Province*.

Buhay na buhay ang binhi ng kabutihan sa puso ng bawat isa.

### PEACEKEEPING TRAINING

### Naic, Cavite, 13-15 July / 22-24 August 2007

Ang mga *"igans"* (pinaikling tawag sa kaibigan upang mapalitan ang pangalang *gangsta o streetgangs* na pawang *derogatory* para sa kanila) na nakapagtapos ng *ANV* seminar pagkatapos ng 3 taung pakikipagtutulungan ng AKKAPKA sa *Pangarap Foundation* ay nagkaroon ng pagkakataon na dumalo sa *peacekeeping training* sa magkasunod na buwan.

Mula sa natutunan sa alay-dangal seminar ay layunin ng *training* na magabayan at mapalakas ang kanilang kamalayan na sila na ang magtulungan sa kanikanilang grupo na magsagawa ng kaayusan kung mayroong nagaganap na karahasan at gulo.

Ang magkasunod na *training* sa dalawang *batches* (50 kabataan) ay magkatulong na pinadaloy nina *Pao Catacutan* at *Beng Dionela*.

Katuwang din ang mga dating *"igans"* na sina *JayM, Carding* at *Anthony* na silang namumuno sa mga *body prayers* at *shibashi exercises* na natutunan mula sa mga *trainings* ng AKKAPKA.

Magaan ang mga naging daloy sa mga *awareness session* at *exercises* na na-*designed* tulad ng *claymaking at mga roleplays* sa *conflict analysis* na hinalaw at inagkop sa tunay nilang kalagayan at mga karanasan.

Isang pag-aaral at applikasyon nina *JayM, Pao, Anthony at Beng* mula sa natutunan sa *Wholistic Training Program* ng *Bukal* at mula sa *Trainors Deepening ng* AKKAPKA.

### TRAINORS' DEEPENING

### Bukal g Tipan, Antipolo, 22-24 June 2007

Pagkatapos ng (7) pitong taon mula ng *2001* ng maganap ang *Trainors' Training* sa *Soka Gokkai Center, Tagaytay.* Naganap naman sa *Bukal ng Tipan Formation Center, Maryhill Taytay, Antipolo, Rizal* ang *Trainors' Deepening* na dinaluhan ng mga datihang *trainors, board members, basegroup leaders* ng *Upper Bicutan, Task Force Kabataan* ng *Cavite, Pandacan, Caloocan, BEC* ng *Cainta, Christian Life Community, Pangarap Foundation* at mga *DSWD workers* ng *Ifugao.*



Ito ay sa pag-gabay nina *Raph Ocoma* at *Aidah Endaya* at sa pakikipagtulungan din nina *Fr. Raymond C. Bodson, CICM* at ni *Paolo Catacutan* ng *Task Force Kabataan, Cavite* at ng *Pangarap Foundation*.

Ito rin ay sama-samang pagtutulungan at pag-aambagan ng mga *board members* at mga kaibigan sa AKKAPKA.

Layunin nito ay mabalikan muli ang mga kaalaman sa *basics* ng Alay-dangal, suriin kung ang *modules* at pagkilos ay tumutugon sa panawagan ng panahon,. At bilang mga tagpag-saksi sa alay-dangal ay mabuksan muli ang kamalayan sa pagkilala ng kanyang mga katangian at spirituwalidad na siyang nagbibigay buhay sa pagsusumikap na maging tapat sa hinihiling nitong uri ng pamumuhay.

Isang magandang pagkakataon din na makasama ang (2) dalawang *DSWD youth leaders* ng *Kiangan, Ifugao* at malaman mula sa kanilang pagbabahagi na patuloy nilang ipinanamamahagi ang pagpapakalat ng alay-dangal sa ibat-ibang *barangay* ng kanilang sinasakupan.

Sa araw ng Linggo ng pagtatapos ng *TD*, ang lahat ng mga naganap ay inalay bilang pasasalamat sa banal na misa na ipinagdiwang ni *Fr. Raymond.*

Ang kanyang homiliya ay may paanyaya sa lahat na ang buhay alay-dangal ay isang pagtatalaga na walang hinihintay na kapalit at laging pagkapit at pagpapahayag ng katotohanan tulad ni *San Juan Bautista* na ang kanyang kapistahan ay ipinagdiwang din sa araw na iyon, paanyaya at pag-alala sa kanyang buhay na laging nagpapahayag ng katotohanan na hindi inalintana na ang patutunguhan ay kanyang sariling kamatayan.

Maraming salamat sa lahat na nagsumikap at nagtalaga na maganap ang deepening na ito.

### DASAL LAKAD PARA SA KAPAYAPAAN

### EDSA Shrine to Antipolo Church, 11 May 2007

Ika–20 taon ng pagsasagawa ng dasal lakad para sa kapayapaan.

Isang payak, taimtim na paglalakbay na inialay para sa isang mapayapa at makabuluhang *May 14 Election*.

Dumalo ang maliit na bilang *(28)* dalawamput-walo lamang kabilang ang ilan sa mga *board members,* kasamahan at mga kaibigan sa AKKAPKA.

Ang naging paghahanda ay maliitan lamang at punong-puno ng kasimplehan at ibang-iba sa mga nakaraang dasal lakad na laging malakihan at dinadaluhan ng mahigit kumulang daang manlalakbay.

Ang kaliitan ng bilang ang nagbigay ng pagkakaton na ang bawat kalahok habang naglalakad ay nagpadama ng



ugnayang alay-dangal. Ito ay pagmamalasakitan at pagbabahagi ng mga baon at anumang bagay na magpapagaan at magpapaaliwalas ng paglalakad sa mahigit ng pitong oras ng pagsasakripisyo ng panalangin at paglalakad sa gitna ng gabi habang sinasalubong ang lahat ng usok ng mga sasakyan sa lansangan.

Nagpalakas din sa bawat isa ang mga pagbabahagi kung ano ang pinakamalalim na kahulugan ng *pilgrimahe* ayon sa diwa ng pananampalataya at mga panalanging pagbabasbas ni *Fr. Raymond C. Bodson, CICM* bago simulan ang paglalakbay.

Ang paglalakad ay pinangunahan ng mga kabataan na tangan ang malaking imahen ng *Panginoong Hesus* na muling nabuhay.

Napakagandang dasal ritwal ang isinagawa sa bawat istasyon na kinatitirikan ng mga misteryo ng banal na rosaryo na ipinatayo ng yumaong *Cardinal Jaime Sin.*

Sa gabay ni *Erick Mella* ng *Upper Bicutan Basegroup* ay taimtim ang mga panalanging inialay para sa sarili, kalikasan, kabataan, mga mangagawa, pinuno ng bansa, mga ihahalal sa ibat-ibang posisyon at para sa kaligtasan at kaayusan ng mga taong nagtatalaga upang magbantay at magtrabaho para sa kaayusan ng halalan.

Sa madaling araw na pagdiriwang ng sambayanang misa ay mainit na tinanggap*(welcome)* ni *Fr. Vic Flores* ng *Antipolo Shrine* ang pagdating ng mga manlalakbay.

Ipinahayag niya sa kanyang homiliya ang kadalisayan ng intensyon ng paglalakbay na hindi batayan ang maraming bilang at magarbong pagkilos kundi ang diwa ng tunay na pag-aalay ng sakripisyo para sa kabutihan at kapakanan ng bayan at ng mamamayan.

Sa kauna-unahang pagkakataon sa gabay ni *Raph Ocoma* ay nabisita ng grupo ang tuktok ng *Basilica* kung saan ang museum ng *Our Lady of Good Voyage* ay naroroon at nabigyan ng pagkakataon na magbigay pugay sa imahen.

Isang simpleng almusal ay pinagbahaginan sa isang karinderia ang pagtatapos ng mahabang paglalakbay.

*"Never doubt that a small group of thoughtful, committed citizens can change the world. Indeed, it's the only thing that ever does."*

*-- Margaret Mead*

### CICM PERSONNEL ANV RETREAT

### Bukal ng Tipan, Antipolo, 2-4 April 2007

Isang biyaya na ang laman ng *Alay-Dangal seminar* ay maging laman din ng isang *ANV Retreat* na ibinahagi sa mga *staff* ng *Vocation Promotion* at ng *Treasury Department* ng *CICM.*

Ang naging daan ay dahil kay *Fr. Raymond C. Bodson* na patuloy na nakikilakbay sa gawaing alay-dangal ng *AKKAPKA.*

Humigit kumulang ay isang buwan ang ginawang paghahanda at pagtutulungan nina *Fr. Raymond* at *Beng Dionela* upang iangkop ang *module* sa pangngangailangang hinihiling.

Para sa mga dumalo nakita nila ang kahalagahan ng *ANV retreat* lalo na sa kanilang pang-araw araw na ugnayan *personal, interpersonal* at para din sa ibang may gawain sa kanilang sariling kumunidad.

### LENTEN FASTING RETREAT

**Eliazo Hall, Ateneo, Quezon City, 4-8 April 2007**

Mula *1984* nang magsimula ang mga *volunteers* ng Community of Fasters for Justice&Peace sa gawaing pag-aayuno ay patuloy pa rin ang pagsama-samang ito taun-taon at kabilang lagi ang mga kasapian ng *AKKAPKA* na nagmumula sa ibat-ibang *basegroup.*

Sa taong ito, ay isa na naman na madre ang naging *retreat master* mula sa *Religious of the Cenacle* na si *Sr. Hazel Suarez*. Karanasan muli ng inspirasyon, gabay para sa pagpapaunlad at pagpapanibagong kalakasan ng kamalayan sa pag-ibig ng mapagmahal na Diyos.

Ito ay pagkikitang muli ng mga magkakaibigan at magkakakilala sa *AKKAPKA* at ng *Community of Fasters* na laging pagpapadama sa bawat-isa ng pagkapantay-pantay.

Ang buong gawain ay pagtutulungan ng lahat sa ibat-ibang paraan pinansyal man o pagsisilbi. Ito ay pagbibigay pagkakataon din sa mga kabataang kalahok na mahasa ang kanilang *leadership* at magbukas ng kanilang kamalayan sa pagpapaunlad ng buhay pananampalataya.

### WHOLISTIC TRAINING

**Bukal ng Tipan, Antipolo, 19-23 February 2007**

Patuloy ang dagdag na kaalaman sa pagtuklas ng isang bagong *approach* sa *facilitation* para sa mga kabataang *leader* na ating hinuhubog sa Alay-dangal.

Nabigyan ng pagkakataon ang mga kabataang ito na maging mga kalahok ng *Wholistic Training* na isang programa ng *Bukal Formation Center* ng *CICM.*

Kabilang sa mga dumalo sa pagtutulungan nina *Mercy Abad* at *Fr. Raymond Bodson, CICM* ay sina *Pao Catacutan, Jay M Cerbo* at *Radie,* mga kabataan mula sa *Pangarap Foundation* at mga aktibong *leader* kabataan na laging nakikiisa sa gawain ng *AKKAPKA.*

Sa *seminar* na ito ay natutunan na ang kahalagahan ng gampanin ng isang tagapagpadaloy, ang kanyang katangian, *dialogical approaches on facilitation,* iba sa nakagawiang *banking method* at marami pang mga *awareness exercises* upang gumabay sa kamalayan ng isang kalahok sa anumang *seminar.*

Isang biyaya at pasasalamat ang pagkakataong ibinigay sa ating mga *leader* kabataan sa hinaharap

## AKKAPKA in Networks

*Meeting with Mercy Abad's Friend – June 16*

*Awareness on Waste Management, Etc*
Dr. Jimmy&Mrs. Mercy Abad, Beng Dionela

*Biking for Peace – April 22*
Chito Generoso and Raph Ocoma

*Bukal ng Tipan Anniversary – March 11*
Jay M Cerbo, Greg Barris, Beng Dionela

*NBP Visit – March 5*
JayM and Beng

*Servants of the Holy Eucharist Sisters' Anniversary – Feb. 28*
Beng Dionela

Pagbati sa mga Celebrants!
HAPPY BIRTHDAY TO ALL OF YOU!

| September | October |
|---|---|
| *Mon Pedrosa - 9* | *Chito Generoso - 2* |
| *Danny Venida - 10* | *Jun Navarro - 6* |
| *Fr. Raymond Bodson - 16* | *Dr. Jad Posadas - 31* |
| *Mercy Abad - 24* | *Esther Felipe - 22* |
| *Tess Baltazar - 1* | *Peanuts Panares - 31* |
| | *Mar Rotulo – 8* |

Death Annivesaroes
ATING ALALAHANIN SINA:
*Fr. Blanco (Aug 18)*
*Atty. Toy Nepumuceno (Sep 10)*
*Dick Powell (Oct 6)*

## BUHAY ALAY DANGAL
*Sa Larangan ng Pangakabuhayan*




Ating alalahanin ang mga salitang paalala ni *Hildegard Goss Myer* ng siya ay dumalaw sa Pilipinas noong *May* 2006.

Sa *reunion program* na inialay para sa kanya sa *San Carlos Seminary*, kanyang ipinahayag ang mga katagang ito, *"We must replace destructve force with goodness force".*

At sa pamamaraang Alay-Dangal at sa pagsusuri ng karahasan ay kinakailangang may katapat na alternatibong programa *(alternative program)* upang ang karahasan ay mapigil at hindi na mabalikan muli.

Isang pagsasabuhay ng Alay-Dangal ang magkatuwang na isinasagawa ngayon nina *Esther Felipe (naunang follow-up Staff ng AKKAPKA)* at ni *Bobet Corral* ng *board of trustees* at isa sa matagal ng nasa alay-dangal *community* mula pa sa kanyang *college days.*

Nagsimula ito sa maliit na grupo ng kababaihan sa *Frisco Basegroup* na nag-isip ng solusyon upang magkaroon ng pangkabuhayan na sa palagay nila ay mayroon silang kakayahan na gawin ang pagtatayo ng maliit na *laundry shop* sa *urban community* ng *Frisco, Quezon City.*

Si Esther ang may kasanayan sa pagpapatakbo ng gawain dahil sa kanyang matagal na panahon na pagtratrabao sa isang *Laundry Shop.*

Ang 5 kababaihan mula sa *Frisco* ay sama-samang umutang ng isang simpleng *washing machine* at *dryer* at nagsimula sa isang napakaliit na *shop.*

Nagtrabaho sila bilang mga *volunteers* upang maibalik ang nautang na halaga sa pagbili ng gamit.

Matapos ang isang taon ay unti-unti silang nakapagpundar at naipatala ang *laundry sa CDA* bilang isang *service cooperative.*

Si *Bobet* naman ay tumulong upang isaayos ang kooperatiba na minsan ay dumaan din sa isang masalimuot na kalagayan bilang isang samahan bago marating nito ay isang maayos na pagpapadaloy at ugnayan ng mga nakapaloob dito.

Ginabayan niya sa pagsasaayos ng struktura at pagkakaroon ng sistema sa pagtratrabaho at kalakalang pananalapi.

Ngayon sa kanyang ikatlong taon ay naparami na ang mga *5 branches* na ito sa *Quezon City.*

Tinawag nila itong *Springlab Service Cooperative* upang maging simbolo ng isang bukal ng pagsasamahan na pinatibay ng pagtutulungan at pagkapantaypantay.

Ang *laundry* ay isang makabagong ugnayan para sa mga mahihirap na mga nagpapalaba sa lugar ng *Frisco* kung saan ang mga ordinaryong tao na laging abala sa paghahanapbuhay ay may pagkakataong magpalaba sa mabababang halaga at malinis, maayos na pagsisilbi.

**AKKAPKA Foundation Inc.**
c/o SpringLab Service Laundry Coop
San Francisco Del Monte, QC
Tel. 4124875 (look for Ester)
akkapka_philippines@yahoo.com